# Mga Legal na Pagpipilian para sa Proteksyon mula sa Karahasan sa Tahanan at Lihim na Pagsubaybay

# Mga Kautusang Pamproteksyon

*Ang pagkuha ng proteksyon mula sa karahasan sa tahanan at lihim na pagsubaybay ay isang problema na mahirap unawain, ngunit mayroong batas (Ang Batas sa Karahasan sa Tahanan at Lihim na Pagsubaybay [The Domestic Violence and Stalking Act]), upang protektahan ang mga karapat-dapat. Kung kayo ay agarang nangangailangan ng proteksyon para sa inyong sarili at/o sa inyong mga anak, maaari kayong mag-apply para sa isang Kautusang Pamproteksyon.*

*Ang fact sheet na ito ay nagbibigay ng impormasyon upang tulungan kayong mag-apply para sa isang Kautusang Pamproteksyon.*

## Mga Depinisyon:

**Aplikante** – taong nag-aapply para sa kautusan
**Akusado** – taong gusto ninyong magkaroon ng proteksyon laban sa
**Panghukumang Katarungan ng Kapayapaan (Judicial Justice of the Peace [JJP])** – ang opisyal ng hukuman na didinig sa inyong kaso at gagawa ng isang pagpapasiya batay sa ipinakitang ebidensya
**Itinalaga para sa Kautusang Pamproteksyon (Protection Order Designate [POD])** – isang tao na espesyal na sinanay upang tulungan ang mga tao na mag-apply para sa mga Kautusang Pamproteksyon (Tingnan ang numero sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng papel na ito)
**Karahasan sa Tahanan** – nangyayari sa malapit na mga relasyon halimbawa: sa pagitan ng kasal o common-law (hindi kasal) na mag-asawa o sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya, kung saan ang isang tao ay gumagamit ng anumang anyo ng karahasan o pang-aabuso upang magdulot ng takot at magtamo ng kontrol laban sa isa pang tao. Hindi kailangang magkasamang naninirahan ang dalawang tao; maaari silang magkahiwalay na naninirahan; nasa isang relasyon ng pakikipag-date o magkasamang nagkaroon ng anak. Ang karahasan sa tahanan ay kinabibilangan ng:

- pagdudulot ng pinsala sa isang tao o sa kanilang ari-arian, o paggamit ng nagbabantang mga pagkilos o pag-uugali na nagdudulot sa tao (biktima) na matakot na masaktan o matakot na maaaring mapinsala ang kanilang ari-arian
- emosyonal na pang-aabuso
- pagpilit sa isang tao na manatili laban sa kanyang kagustuhan
- sekswal na pang-aabuso

**Lihim na pagsubaybay** – nangyayari kapag ang isang tao ay paulit-ulit na ginugolo o inaabala ang isa pang tao (biktima) na nagdudulot sa kanyang matakot o matakot para sa kanyang kaligtasan. Ang lihim na pagsubaybay ay maaaring kabilangan ng:

- pagsunod sa biktima mula sa isang lugar hanggang sa isa pang lugar
- direkta o hindi direktang pakikipag-usap sa biktima. Nakikipag-ugnayan o sinusubukang makipag-ugnayan sa biktima nang harapan, sa telepono, sa internet, sa pamamagitan ng sulat o pagpapadala ng mga mensahe sa biktima sa pamamagitan ng ibang tao.
- binabantayan ang anumang lugar na maaaring naroon ang biktima
- nagbabantang mga pagkilos na nakadirekta sa biktima

## Ano ang isang Kautusang Pamproteksyon?

Ang isang Kautusang Pamproteksyon ay isang kautusan ng hukuman, ipinagkakaloob sa isang agarang batayan, nagbabawal sa ang akusado mula sa pagkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa aplikante. Ang mga kautusan na ito ay ipinagkakaloob ng isang JJP at maaaring maglaman ng lahat o ilang mga partikular na kondisyon na nakalista sa ibaba:

- Hindi maaaring makipag-usap o makipag-ugnayan sa inyo ang akusado nang direkta o hindi direkta.
- Hindi maaaring lumapit ang akusado sa anumang lugar na kinaroroonan o regular na pinupuntahan ninyo o ng isang partikular na tao, tulad ng inyong tahanan, trabaho, paaralan, o lugar na sinasambahan.
- Hindi kayo maaaring sundan ng akusado o ang sinumang partikular na tao.
- Dapat isauli ng akusado sa pulis ang anumang mga armas, at maaaring hanapin at samsamin ng pulis ang mga armas.
- Dapat kayong bigyan ng akusado ng pansamantalang pagmamay-ari ng inyong mga kinakailangang personal na pag-aari.
- Maaari kayong tulungan ng isang pulis upang kunin ang inyong mga personal na pag-aari.
- Maaari kayong tulungan ng isang pulis upang alisin ang akusado sa inyong tahanan.

Ang mga kondisyon ng Kautusang Pamproteksyon na ipinatupad sa ilalim ng *Ang Batas ng Karahasan sa Tahanan at Lihim na Pagsubaybay (The Domestic Violence and Stalking Act)* simula noong Oktubre 17, 2010, ay maaaring kabilangan ng isang hindi pagsasama na nagpapahintulot sa isang akusado na pumunta sa hukuman o ibang mga paglilitis na may kaugnayan sa hukuman kapag ang protektadong tao ay naroon. Ang mga partikular na kondisyon na may kaugnayan sa hindi pagsasamang ito ay ilalapat, katulad ng ang akusado ay dapat manatili sa hindi bababa sa dalawang metrong layo mula sa protektadong tao at hindi makikipag-usap sa kanya maliban kung naroon ang hukom o tagapamagitan at inaaprubahan ang pakikipag-usap.

## Sino ang maaaring mag-apply para sa isang Kautusang Pamproteksyon?

Maaari kayong mag-apply para sa isang Kautusang Pamproteksyon kung ang isang tao ay lihim kayong sinubaybayan o isinailalim kayo sa karahasan sa tahanan o mayroong dahilan upang paniwalaan na ang pag-uugali ay magpapatuloy. Hindi ninyo kailangang maghintay hanggang kayo ay talagang masaktan upang humingi ng tulong. Bilang aplikante, dapat ninyong ipaliwanag sa isang JJP kung bakit ninyo kailangan ng kautusan at magbigay ng mga katunayan, oras, petsa at lokasyon ng mga pangyayari na nagpapakita kung bakit kaagad ninyong kailangan ng proteksyon. Kung ang inyong aplikasyon ay batay sa karahasan sa tahanan, dapat ring ipakita na:

- kayo ay kasalukuyang nakatira o nakikipag-date sa akusado o ginawa ito dati; o
- mayroon kayong isang anak o mga anak sa akusado; o
- kayo at ang akusado ay mga miyembro ng pamilya.

*Ces renseignements sont également offerts en français.*

Manitoba

## Magkano ang halaga nito?

Walang bayad ang pagkuha ng isang Kautusang Pamproteksyon. Gayunpaman, mayroong isang singil kung mag-aapply kayo upang kanselahin ang Kautusang Pamproteksyon.

## Paano ako makakakuha ng isang Kautusang Pamproteksyon?

Mayroong dalawang paraan upang mag-apply para sa isang Kautusang Pamproteksyon – personal o sa pamamagitan ng telepono.

Upang mag-apply nang personal:

- Pumunta sa gusali ng Hukuman ng Batas na pinakamalapit sa inyo at humiling ng isang pagdinig.
- Punan ang aplikasyon at ang isang dapat punan apidabit na naglalarawan sa lihim na pagsubaybay o karahasan sa tahanan.
- Ang kawani ng hukuman ay magtatakda ng pagdinig para sa inyo at maaaring magrekomenda na kumonsulta kayo sa isang POD upang tulungan kayo sa inyong aplikasyon at magbigay ng impormasyon tungkol sa pagpaplano ng kaligtasan.
- Pumunta sa silid ng hukuman kung saan didinigin ang inyong aplikasyon. Ang JJP ay maaaring nasa silid o nakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng komperensya sa video.
- Susuriin ng JJP ang inyong aplikasyon, apidabit at anumang ibinigay na sinabing ebidensya, at gagawa ng isang pagpapasiya.

Maaari ninyong dalhin sa hukuman ang isang kaibigan o isang taong sumusuporta. Pinakamabuting na huwag ninyong dalhin ang inyong mga anak.

Upang mag-apply sa pamamagitan ng telepono:

- Pumunta sa isang POD, abogado o pulis at humingi ng tulong.
- Punan ang isang aplikasyon at ang isang dapat punan na apidabit.
- Tatawagin ang JJP at maaari ninyong ibigay ang inyong ebidensya sa telepono, hangga't ito ay posibleng maitala sa tape.
- Susuriin ng JJP ang inyong aplikasyon, apidabit at anumang ibinigay na sinabing ebidensya, at gagawa ng isang pagpapasiya.

Hindi ninyo kailangan ng mga saksi o ibang tao upang magbigay ng ebidensya kapag kayo ay nag-aapply para sa isang Kautusang Pamproteksyon, ngunit maaari nila itong gawin kung sila ay mayroong direktang impormasyon tungkol sa mga katunayan.

## Gaano katagal inaabot upang makapag-apply para sa isang Kautusang Pamproteksyon?

Ang pagkumpleto sa mga kinakailangang dokumento at paglahok sa pagdinig sa JJP ay maaaring umabot ng ilang mga oras. Kung malalaman ng JJP na kayo ay mayroong sapat na ebidensya, bibigyan kayo ng isang kautusan sa pagtatapos ng pagdinig. Kaagad na magkakabisa ang kautusan, ngunit kailangan hainan ng kautusan ang akusado bago siya kriminal na akusahan para sa paglabag ng anuman sa mga kondisyon ng kautusan. Ang mga kondisyon ng kautusan ay ipapasok sa kompyuter para sa pagpapatala na mayroon sa lahat ng mga ahensiya ng pulis, upang maipatupad nila ang kautusan kung tatawagan ninyo sila para sa tulong.

## Paano malalaman ng akusado na mayroon akong isang Kautusang Pamproteksyon?

Kung ipagkakaloob ang isang Kautusang Pamproteksyon, hahainan ng pulis o tanggapan ng pulis ang akusado sa lalong madali na magagawa nila. Kung gayon, mayroong 20 araw ang akusado, o isang mas mahabang panahon kung pahihintulutan ito ng isang hukom, upang mag-apply upang isantabi ang kautusan (kanselahin).

## Maaari bang pigilan ng akusado ang Kautusang Pamproteksyon?

Kung mag-aapply ang akusado sa Court of Queen's Bench upang isantabi (kanselahin) ang kautusan, kayo ay aabisuhan. Pahihintulutan ang akusado na panuorin at pakinggan ang ebidensyang ibinigay ninyo sa hukuman. Bibigyan kayo ng abiso ng pagdinig at magkakaroon ng pagkakataon upang hamunin ang ebidensya ng akusado at ipaliwanag sa hukuman kung bakit dapat manatili ang kautusan.

## Gaano katagal may bisa ang kautusan?

Ang mga Kautusang Pamproteksyon na ginawa pagkatapos ng Oktubre 31, 2005 ay karaniwang may bisa para sa tatlong taon. Gayunpaman, maaaring magkaloob ang JJP ng isang mas mahabang kautusan kung naniniwala siya na kailangan ninyo ng proteksyon para sa isang mas mahabang panahon. Kung mayroon kayong isang Kautusang Pamproteksyon na nawalan ng bisa o mawawalan ng bisa at kailangan pa rin ng proteksyon, maaari kayong mag-apply upang kumuha ng bago sa loob ng tatlong buwan ng petsa ng pagkawala ng bisa. Ang mga Kautusang Pamproteksyon na ginawa **bago** ang Oktubre 31, 2005 ay hindi mawawalan ng bisa.

## Mailalapat ba ang kautusan sa labas ng Manitoba?

Ang ilang mga lalawigan, kabilang ang Manitoba, ay mayroong mga batas na kinikilala ang mga Kautusang Pamproteksyon na ipinagkaloob saanman. Para sa karagdagang impormasyon, kumonsulta sa isang abogado o sa Family Law Branch, Manitoba Justice (204-945-0268 o nang walang bayad sa 1-800-282-8069 ekstensyon 0268).

## Tandaan

- Ang isang Kautusang Pamproteksyon ay hindi isang garantiya ng proteksyon. Anuman ang makukuha ninyong mga kautusan ng hukuman, kailangan pa rin ninyo ng isang planong pangkaligtasan.
- Kailangan ninyong kumuha ng kautusan ng proteksyon na pinaka-akma sa inyong sitwasyon.
- Hindi dahil humiling kayo ng isang Kautusang Pamproteksyon hindi ito nangangahulugan na awtomatiko kayong makakakuha nito.
- Ang mga JJP ay nagkakaloob ng mga kautusan ng hukuman batay sa batas ng kaso, mga katunayan at ebidensya. Kailangan maging tiyak kayo tungkol sa mga katunayan ng inyong sitwasyon – mga petsa, oras, lugar.

## Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa karahasan sa tahanan o mga planong pangkaligtasan, tawagan ang linya sa panlalawigang krisis o impormasyon nang walang bayad sa **1-877-977-0007**.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa legal na proteksyon na makukuha sa mga hukuman at impormasyon tungkol sa mga Protection Order Designate (POD), tawagan ang Manitoba Justice Victim Services, **nang walang bayad sa 1-866-484-2846**.